Setyembre 19, 2025
Mahalagang paunawa mula sa Departamento ng mga Serbisyong Pangkaunlaran (Department of Developmental Services) tungkol sa:

PAGBUBUO AT PAGSASANAY NG TAUHAN: UPDATE SA PROGRAMA NG DIREKTANG SUPORTA SA PROPESYONAL NA INTERNSHIP

D-2025-Workforce-001

Ano ang Dapat Malaman

Ang mga hakbang na kailangang sundin ng mga tagapagbigay ng serbisyo para makasali sa Direct Support Professional (DSP) Internship Program, na orihinal na inilabas noong Agosto 30, 2024, ay ina-update. Makakapagpatala na ngayon ang mga tagapagbigay sa online na portal ng Departamento nang direkta.

Ano ang Magbabago

Kakailanganin ng mga tagapagbigay na ibigay sa Departamento ang kanilang pangalan at address ng bendedor (vendor), numero ng bendedor, ang sentrong pangrehiyon na nauugnay sa numero ng bendedor, pangunahing kodigo ng serbisyo kung saan tututuruan ang DSP Intern, katayuan ng sanksyon, ang pangalan ng punto ng tagapag-ugnay ng tagapagbigay, at ang kanilang email address at numero ng telepono. Pagkatapos ay hihilingin ng Departamento sa mga Sentro ng Rehiyon na suriin kung ang tagapagbigay ay may anumang mga isyu at magbahagi ng mahalagang impormasyon. Ang Departamento ang magpapasya kung ang mga tagapagbigay ay maaaring sumali sa programa. Kung oo, ibibigay nila ang impormasyon ng tagapagbigay sa kontratista.

Mga tanong?

Maaaring mag-email ang mga Tagapagbigay ng Serbisyo at Sentrong Pangrehiyon na may mga katanungan: Workforce@dds.ca.gov.

Matuto Pa

Ang impormasyon tungkol sa DSP Internship Program ay makukuha sa webpage ng Mga Inisyatiba sa Tauhan (Workforce Initiatives) ng Departmento.